HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

AKHLAQ SERIES



HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

Ang Akhlaq Series ay isang seryeng pang-edukasyon na naglalayong ipakilala sa mga bata ang kahulugan ng mga Islamikong asal at pag-uugali. Ang mga terminong ginamit ay hinango mula sa Mawṣūʻat al-Muṣṭalaḥāt al-Islāmiyyah (Terminology ENC) at isinalin sa wikang Tagalog upang mas madaling maunawaan ng mga bata at makatulong sa paghubog ng kanilang mabuting asal at pagpapahalagang Islamiko.

AKHLAQ 1 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(بِرُّ الوَالِدَينِ)

ANG PAGPAPAKABUTI SA MAGULANG

Ang Birrul walidayn o pagpapakabuti sa magulang ay ang pagsunod at paggawa ng mabuti sa kanila, sa pamamagitan ng salita at gawa, habang sila ay buhay pa, at kahit sila ay pumanaw na.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 2 SERIES

(الكَذِبُ)

ANG PAGSISINUNGALING

Ang *pagsisinungaling* ay ang pagpapahayag ng isang bagay na salungat sa katotohanan, maaaring ito ay sinasadya o hindi sinasadya. Ang kabaligtaran nito ay ang katotohanan.

Kabilang din sa mga kahulugan ng pagsisinungaling ang: pagtanggi sa katotohanan, paninira, pandaraya, at panlilinlang.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 3 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(الحَسَدُ)
ANG INGGIT



Ang hasad (*inggit*) ay ang pagkamuhi ng isang tao sa biyayang ibinigay ni Allah sa iba, o ang pagnanais na mawala ito sa kanya.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 4 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(صِلَةُ الرَّحِمِ)

PAGPAPANATILI NG UGNAYAN SA MGA KAMAG-ANAK



Ang Silaturrahim (*pagpapanatili ng ugnayan sa mga kamag-anak*) ay ang paggawa ng kabutihan sa kanila, pagpapaparating ng tulong at biyaya, at pag-iwas o pagpigil ng anumang kasamaan laban sa kanila.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 5 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(التَّجَسُّسُ)

ANG PAG-EESPIYA O PANINIKTIK



Ang tajassus (*pag-eespiya*) ay ang pagsisiyasat o paniniktik sa kapwa Muslim, ang pag-usisa sa kanilang mga lihim, kahinaan, at pribadong buhay, at ang pagbubunyag ng kanilang mga kamalian sa paraang palihim.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 6 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(الحِقْدُ)

POOT O MATINDING GALIT SA PUSO

Ang hiqd (poot o matinding galit sa puso) ay ang pagkakaroon ng pagkamuhi o pagkapoot sa kapwa sa loob ng puso, ang pagtatago ng masamang hangarin laban sa iba, at ang pagnanais na makapaghiganti.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 7 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(الوَفَاءُ)

ANG PAGTUPAD SA KASUNDUAN AT PANGAKO

Ang Wafā' ay ang pagpapanatili sa mga kasunduan, pagtupad sa mga ipinangako, at pagsasagawa ng mga ito nang may may katotohanan, katapatan, at lubos na pananagutan.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 8 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(الغَضَبُ)

ANO BA ANG GALIT O POOT?

Ang ghadab (galit) ay isang pagbabago sa kalagayan ng damdamin kapag kumukulo ang dugo, na nagiging dahilan upang ang tao ay magkaroon ng paghahangad na manakit o maghiganti.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 9 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(التَّعَاوُن)

ANG PAGTUTULUNGAN/ KOOPERASYON

Ang **ta'awun** ay ang pagtulong sa ibang tao at pagsuporta sa kanya upang maabot ang isang tiyak na layunin, ayon sa abot ng makakaya.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 10 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(كتمان السر)

PAGTATAGO NG LIHIM

“Ito ay ang pag-iingat ng tao sa isang lihim, maging ito man ay tungkol sa kanya o may kinalaman sa ibang tao na nagtiwala sa kanya at ipinagkatiwala sa kanya ang lihim.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 11 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغيين

(الكَرَمُ)

ANG KAGANDAHANG–LOOB / PAGIGING MAPAGBIGAY

“Ang *karam* ay isang katangiang nagdadala sa tao upang magbigay ng kabutihan, kaunti man o marami, nang bukal sa loob at walang hinihinging kapalit.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 12 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(السَّتْرُ)

ANG PAGTATAKIP O PAGTATAGO NG KAPINTASAN

“Ang *satr* ay ang pagtatago ng kapintasan ng iba at hindi paglalantad nito sa mga tao.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 13 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(شَماتَةٌ)

PAGKATUWA SA KAPAHAMAKAN NG IBA

“Ang *shamātah* ay ang pagkatuwa ng kalooban sa pinsala at kapahamakan na sinasapit ng iba.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 14 SERIES

(التَّفَاؤُلُ)

ANG OPTIMISMO

Ang *tafāul* ay ang pagkakaroon ng pag-asa at magandang inaasahan, at pagkakaroon ng kapanatagan sa kalooban kapag nakarinig ng mabubuting salita.

@BatangMuslimph

AKHLAQ 15 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(الإِسْرَافُ)

PAGMAMALABIS / PAG-AAKSAYA

“Ang *isrāf* ay ang paggamit ng anumang bagay nang higit sa nararapat, maging ang labis ay nasa dami o sa paraan ng paggamit.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 16 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(الخِيَانَةُ)

ANG PAGTATAKSIL

“Ang pagtataksil *(khiyānah)* ay ang pagpapabaya o pagwawalang-bahala sa anumang ipinag-utos ng Allah Taʿālā, o ang paggawa ng anumang Kanyang ipinagbawal, sa pamamagitan ng hindi pagtupad ng tao sa mga karapatan ng Allah at sa mga ipinagkatiwala sa kanya na mga karapatan ng kapwa tao.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 17 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(النَّزَاهَةُ)

ANG INTEGRIDAD

“Ang integridad (*nazāhah*) ay ang paglayo sa masasamang gawain at pag-iwas sa mga bagay na may pagdududa.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 18 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(القَنَاعَةُ)

PAGKAKUNTENTO

“Ang *qanā’ah* o pagkakuntento ay ang kasiyahan ng puso sa kung ano ang halal na mayroon, kahit pa ito ay hindi sapat, at ang pag-iwas sa pagnanasa sa wala o sa kung ano ang kulang.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 19 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(النَّمِيمَةُ)

TSISMIS NA NAGWAWASAK NG UGNAYAN

“Ang *namīmah* ay ang paghahatid o pagpapasa ng salita mula sa isang tao patungo sa iba na may layuning manira o magpasama ng ugnayan, maging ito man ay sa pamamagitan ng pananalita o anumang pumapalit dito tulad ng pagsusulat, simbolo, o senyas.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 20 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(إِدْلالٌ)

PAGMAMATAAS DAHIL SA NAGAWANG PAGSAMBA

“Ang *idlāl* ay ang paghanga sa sarili at pagtingin na napakalaki ng kanyang mga nagawang pagsamba, kasabay ng paglimot sa pasasalamat at pag-asam ng gantimpala mula sa Allah Taa’la.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 21 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(عَجَلَةٌ)

(PAGMAMADALI / PAGIGING PADALUS-DALOS)

“Ang *‘ajalah* ay ang pagiging padalus-dalos at kawalan ng sapat na pag-iisip o pagninilay sa pag-aayos at pagdedesisyon sa mga bagay.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 22 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(اِعْتِذَارٌ)

PAGHINGI NG PAUMANHIN

“Ang *i‘tidzār* o paghingi ng paumanhin ay ang pagpapakita ng pagsisisi sa isang kasalanan o sa isang ginawa, habang kinikilala na ikaw ay may dahilan o paliwanag sa paggawa nito.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 23 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغيين

(غِبْطَةٌ)

PAGHAHANGAD NG MABUTI

“Ang *ghibtah* ay ang pagnanais ng isang tao na magkaroon siya ng katulad ng biyayang nasa iba, nang hindi niya hinahangad na mawala ito sa kanila.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 24 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(غَدْرٌ)

PAGTATAKSIL

“Ang *ghadr* ay ang hindi pagtupad o paglabag sa anumang ipinangako o ipinagkatiwala sa isang tao na kanyang dapat pangalagaan—maging ito man ay sa pagitan niya at ng Allah o sa pagitan niya at ng kapwa tao.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 25 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(عِنَادٌ)

KATIGASAN NG ULO/ PAGTANGGI SA KATOTOHANAN

“Ang *‘inād* ay ang sinasadyang pagsalungat sa katotohanan at hindi pagtanggap dito kahit alam na ito ay totoo.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 26 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغيبين

(غِيبَةٌ)

PANINIRANG-PURI

“Ang *ghībah* o paninirang-puri ay ang pagbanggit ng isang tao tungkol sa kanyang kapatid ng mga bagay na hindi nito gusto, tulad ng kanyang mga kapintasan at iba pang kahinaan na tunay namang taglay niya, habang wala siya.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 27 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

(كَظْمُ الغَيْظِ)

ANG PAGPIPIGIL NG GALIT

“Ang *kaẓm al-ghayẓ* o pagpipigil ng matinding galit ay ang pagkontrol sa sarili at pagpigil dito mula sa paghihiganti sa oras ng matinding galit.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 28 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالقيين

(تَفْرِيْجُ الكُرُبَات)

ANG PAGPAPAGAAN NG MGA PAGHIHIRAP

“Ang *tafreej alkurubāt* ay ang pag-aalis o pagpapagaan ng anumang kagipitan, matinding pagsubok, at pagdurusang dumarating sa isang tao.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 29 SERIES

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالقيم

(عُلُوُّ الهِمَّةِ)

MATAAS NA HANGARIN

“Ang *uluw al-himmah* ay ang pagkakaroon ng mataas na hangarin na makamit ang pinakamataas na antas ng kabutihan at kahusayan para sa sarili at sa iba, at ang hindi pagkakuntento sa kakulangan o sa mababang antas.”

@BatangMuslimph

AKHLAQ 30 SERIES

(غُفْران)

KAPATAWARAN

“Ang *ghufrān* o ang kapatawaran ay ang pagpapatawad at pagpapalampas sa kasalanan, at ang pagtatakip sa nagkasala upang hindi siya mapahiya o malantad sa mga tao dahil sa kanyang kasalanan.”

@BatangMuslimph

HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

Makisama sa aming munting pamayanan online! Para sa dagdag na kaalaman, paalala, at mga kwentong kapupulutan ng aral, bisitahin at i-follow ang aming pahina sa facebook:

“Batang Muslim PH”

Isang pahina na nagbabahagi ng mga adhkar, kwento, at simpleng gabay mula sa Qur’an at Sunnah, pati na rin ng mga pang-Islamikong kaalaman para sa mga kabataan. Layunin nitong maging inspirasyon at katuwang ng mga batang Muslim (at kanilang mga magulang) sa paghubog ng pananampalataya at mabuting asal.

I-click lamang ito, o i-scan ang QR code upang mapuntahan ang page.

SCAN ME